# Kawalan ng Panalangin

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie Rodriguez- Elder Founder
Oktubre 14, 2023

Si Daniel ang isa sa mga pinakatanyag na tao sa Lumang Tipan. Tapat siyang lingkod ng Diyos na hindi kailanman ipinagpalit ang kanyang oras ng panalangin sa oras ng pagsubok. Si Daniel ay nagpatuloy sa pagluhod tatlong beses sa isang araw upang manalangin at magpasalamat sa harap ng kanyang Diyos sa kabila ng banta ng kanyang buhay sa kweba ng leon (Daniel 6). Bilang mga Kristiyano, tayo ay nakatuon sa Panginoon, ngunit minsan di tayo sumusunod dahil sa ibang mga pangako/distraksyon. Nagiging daan ito sa pagsuway at pagkakasala kung hihinto tayo o makalilimot magdasal. Sa kabaligtaran, malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid (Santiago 5:16).

**1. Maraming tao sa Bibliya ang sumunod sa Panginoon:**

**a**. Sina Noe, David, at Jonas ay mabubuting halimbawa ng pagsunod sa Diyos.

**b.** Tulad nito, kung sumusunod tayo sa Diyos, nasasaksihan ng ibang tao ang ating buhay. Gusto tayong sirain ni satanas dahil sumusunod tayo sa Salita ng Diyos, ngunit maari nating labanan ang kanyang panlilinlang/tukso sa panahon ng pagsubok at pakikibaka.

**2. Maaaring ipakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan.**

**a.** Nahati na ng panalangin ang dagat (Exodo 14). Namangha ang mga Israelita ng may nakitang daanan sa kanilang harapan.

**b.** Mayroon din tayong kapangyarihan bilang mga anak ng Diyos. Laging kumikilos ang Diyos sa ika-11 oras.

**c.** Mahiwagang hinati ng Diyos ang ilog Jordan (Josue 3).

**d.** Ang araw ay tumigil (Josue 10:12-13). Minsan, kapag natatakot tayo sa isang bagay, hindi ito nangyayari. Sa panahong ganito, tayo ay sinusubok at dapat ipakita natin ang ating pananampalataya sa Diyos.

**e.** Ang pader ng Jerico ay gumuho (Josue 6:20). Kung tayo ay nakaharap sa "mga pader" (hindi makayang pagsubok/ pasanin), alalahanin ang kuwento ni Josue. Kapag nagsalita ang Diyos, ito'y naganap na.

**f.** Ang tatlong lalaki sa Bibliya ay hindi nasunog; ni isang hibla ng buhok ay hindi tinamaan ng apoy (Daniel 3). Kapag marami tayong pag-uusig sasamahan tayo ng Panginoon ( Gawa 4:23-31).

**g.** Panalangin ang nag-ahon sa isang tao mula sa ilalim ng dagat. Dininig ng Panginoon ang panalangin ni Jonas habang nasa loob siya ng tiyan ng isang malaking isda (Jonas 2).

**3. Ang kawalan ng panalangin ay isang kasalanan.** Kasalanan ito dahil inuutasan ng Bibliya ang mga Kristiyano na manalangin (Santiago 4:2). Tinututulan ni Satanas ang ating panalangin dahil ito ang pinagmumulan ng ating kapangyarihan. Ang Diyos mismo ang nagsabing manalangin sa Kanya (1 Samuel 12:23.1 Tesalonica 5:17).

**4. Ang kawalan ng panalangin ay nagiging daan ng iba pang kasalanan.** Hayaang buksan ni Hesus ang pinto kapag kumakatok ang tukso sa ating pintuan (Marcos 14:38; Awit 141:3). Mahirap madapa kung nakaluhod tayo sa harap ng Panginoon.

5**. Ang kawalan ng panalangin ay humahantong sa pagsuway.** Kapag tayo ay nananalangin, nakikita ito sa ating buhay. Alam natin kung ano ang gusto ng Diyos.

6. **Kailangan nating maging madasalin.** Dapat magkaroon tayo ng isang banal na lugar kung saan maaari tayong makipag-usap sa Diyos upang makinig at makipag-usap sa Kanya (Mateo 7:7, Jeremias 33:3). Pagnilayan lagi ang Salita ng Diyos gabi't araw. Bibigyan Niya tayo ng karunungan.

**Konklusyon:** Kung nakikipag-usap tayo sa Diyos, humingi tayo ng kapatawaran, walang kinikimkim na hinanakit at hindi pagpapatawad. Kailangan nating maging malinis upang parangalan ang Kanyang presensya.

**Pagninilay**:1. Paunlarin ang oras ng iyong pagdarasal. Kailan at saan pwedeng manalangin ng walang ingay at sagabal? 2. Ano ang ipinapanalangin mong mahirap? May kinakaharap ka bang mahirap na pagsubok sa ngayon?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website: https://lordsflock.org/digests**
Tags: #Panalangin #Pagsunod